



Support for foreigners in Japan?  
Meet ABC Japan!



にほん く がいこくじん おうえん  
日本で暮らす外国人を応援しています  
ABCジャパンへおいでよ!



Português

Español

English

中文

Tagalog

<https://www.abcjapan.org/>

# Ano ang mga Layunin ng ABC Japan ?

Noong una, sa mga residenteng mamamayan ng Japanese-Brazilian sa Tsurumi-ku at sa mga kalapit lugar sa lungsod ng Yokohama, tumugon kami sa kanilang tinig. Gayundin [Kapag may nangailangan ng tulong, aming tinutulungan] hanggang sa kalaunan ay lumawak ang saklaw ng aming aktibidad. Una sa lahat, bakit hindi nyo subukang buksan ang inyong mga pintuan

## Seguridad sa Edukasyon ng bata

Sa mga batang Konektado sa dayuhang bansa na inaakalang may limitadong pagkakataon sa edukasyon, gagawa tayo ng lugar para sa kanilang edukasyon.

## Kalayaang sumuporta para sa mga nasa wastong gulang

Magsasagawa ng mga lektura at lugar na maaring pakonsultahan para sa mga dayuhang residente upang makapamuhay sila ng malaya.

## Para sa Karagdagan

Kung sa palagay mong ito ay kinakailangan, Magsimula agad sa pamamagitan ng ABC Japan. Mayroon pang mga aktibidad na hindi nakatala gawa ng hindi magkasya sa frame.

## Pagpasa sa susunod na hantungan

Para sa Pagsulong sa mas mataas na edukasyon o trabaho, Ikokonekta namin sa pag-aaral na may koneksyon sa sariling wika at kultura, ikokonekta namin sa sunod na hantungan.


## Mental na suporta

Mula pa ng itatag ang organisasyon, patuloy kaming sumusuporta at nagbibigay ng mga serbisyo ng konsultasyon. Sinusuportahan din namin ang Kalusugan ng isip kasama ng mga eksperto.

## Pagbuo ng Komunidad

Ang aming layunin ay bumuo ng komunidad na mag-uugnay sa mga tao, na hindi hadlang kung anuman ang nasyonalidad.

# ABC JAPAN



## Kasaysayan ng ABC Japan

Ang ABC JAPAN ay isang organisasyon na itinatag noong taong 2000, sa pangunguna ng mga Japanese-Brazilian na naninirahan sa Tsurumi ward, lungsod ng Yokohama. Sa kasalukuyan, kami ay nakikipag-ugnayan sa iba't-ibang pampublikong institusyon, nagsusumikap kaming lumikha ng lipunan na malayang makapamahay ang mga dayuhang residente, at mamuhay ng sarili na parehong komportable sa mga Hapones at dayuhan.

- Taong 2000 Pagtatag ng Organisasyon
- Taong 2006 NPO Korporasyon
- Taong 2009 Proyekto ng Ahensya pang Cultural Affairs [Japanese class for adults], Proyekto ng Ministri ng Edukasyon, Kultura at sports, agham at teknolohiya na [ABC Free school], [Ang after school class sa loob ng Paaralang Elementarya. Nagsimula ang [Tsuruminyo]]
- Taong 2010 Nagsimula ang [Gabay sa pagpasok sa Unibersidad]
- Taong 2011 Nagsimula ang [Gabay sa Pagpasok sa Senior High School]
- Taong 2013 Nagsimula ang Supplementary school [Amigo JUKU], at nagsimula ang pang Adult na [Portuges Language class]
- Taong 2016 Gamit ang madaling Nihonggo, nagsimula ang [Ikalawang Klase ng Liscensure Electrician Examinations Preparatory course]
- Taong 2018 Tumanggap ng RIO BLANCO National Medal mula sa Gobyerno ng Brazil.
- Taong 2019 Nakatanggap ng Komendasyon ng Foreign Minister mula sa Ministry of Foreign Affairs.
- Taong 2020 Lumipat sa bagong opisina/silid-aralan. Nagsimula ng Seminar sa Pisikal at Mental na Pagpapayo.
- Taong 2021 Nagsimula ang Pagtanggap ng mga JICA trainees para sa Nikkei community, at proyektong kaalaman sa teknikal na kooperasyon sa ugat ng damo (Kusa no ne).
- Taong 2022 Sinimulan ang [Education Fair] para sa mga kabataang mga mag-aaral sa Junior-Senior High school na konektado sa banyagang bansa.



# Seguridad sa Edukasyon ng Bata

Dahil sa hadlang ng kakulangan ng kaalaman sa wika ,hindi maililihim na mababa ang antas ng pagsulong sa pagpapatala at alalahanin na makahanap ng matatag na trabaho ang makatotohanan sa mga bata na konektado sa mga banyagang bansa.Para sa mga batang may posibilidad na magkaroon ng limitadong pagkakataon pang-edukasyon, kami ay nagbibigay ng lugar upang matuto at maikonekta sila sa kanilang hinaharap.

## ABC Free School

Sa mga batang nakapagtapos ng Hayskul sa kanilang bansa at nagbabalak magpatuloy ng pag-aaral sa Japan, sa mga kararating lang ng Japan at kailangang mag-aral ng wikang hapon. mga batang nag aadjust pa lang at hindi pamilyar sa paaralan ng Japan atbpa. Ito ay silid-aralan ng Nihongo, Matematika, Ingles. Dito ay makakatagpo ng kaibigan, at ng guro,at maaaring magpalipas ng oras ng may kapanatagan ng isip.



## Ang Silid ng “After school” sa loob ng paaralang elementarya. [TSURUMINYO]

Isang beses sa 1 linggo, ito ay isang after-school learning support class sa loob ng aklatan sa elementarya. Sa bakasyon ng summer, kapag maraming takdang-aralin, isang summer homework class ang ginaganap. Ito rin ay isang lugar na kung saan maaaring makipag-ugnayan ang mga bata sa estudyante ng Unibersidad at isa ring lugar na puntahan ng mga nakatira sa malapit na mga lokal na nakakatanda na maaaring makasalamuha.



## Space Amigo

Isa itong after-school self-study room para sa mga mag-aaral sa junior highschool at Sr. highschool na nahihirapang mag-aral ng Japanese o iba pang subject. Kahit kararating mo lang sa Japan o ang tagal mo ng dumating ng Japan, mahirap makipagsabayan sa mga klase sa paaralan. Nagbibigay suporta kami sa pag-aaral at isang lugar na matutuluyan ng mga estudyante sa Unibersidad at mga nagtatarabaho ng boluntaryo.



# Guidebook · Gabay

Gumawa kami ng guidebook sa maraming wika, kabilang ang mga impormasyong kailangan para makapasok sa paaralang elementarya at junior-hayskul. Kung paano makapasok sa high school at unibersidad pati na ang mga impormasyong kinakailangan para makapasok ng trabaho. Nagbibigay din kami ng gabay sa hayskul at sa Kolehiyo.



## GUIDEBOOK

Naglathala kami ng mga gabay na aklat tungkol sa mga paaralang elementarya sa Japan, junior- highschool, senior-highschool, mga unibersidad at guidebook patungkol sa trabaho. Nagsimula sa bersyon ng Portuges, at nakalathala na rin ito sa maraming wika. Mangyaring tingnan ang website ng organisasyon para sa mga detalye. Kapag binuklat ang booklet, ang kaliwang pahina ay nakasulat sa Japanese na may phonetics o furigana, at ang kanang pahina ay nakasulat sa ibang wika na pareho ang nilalaman.

Ang Guidebook ay maaring idownload ng libre mula sa website ng organisasyon.

- Welcome sa Paaralang Elementarya ng Kanagawa
- Welcome sa Mataas na Paaralan ng Kanagawa
- Gabay sa Pagpasok sa Hayskul.
- Guidebook sa Pagpasok sa Unibersidad
- Nakikita mo ba? Makakapili ka? MAPA ng Trabaho sa hinaharap



## Karagdagang Edukasyon at Gabay sa Karera

Nagbibigay kami ng mga kinakailangang impormasyon para sa pagpasok sa high school at unibersidad ng bansang Hapon, pati na rin sa mga landas ng karera para sa trabaho sa hinaharap. Hinihikayat namin ang mga bata at magulang na lumahok hangga't maaari. Ang pangunahing layunin ng patnubay na ito ay ang mga karanasan at pagpapalitan ng mga senior na mag-aaral at mga mga taong nagtatrabaho na magiging huwaran para sa mga batang konektado sa ibang bansa.

Mapapanood sa Video ang bersyon ng Gabay sa pagpasok sa highschool at unibersidad (na may mulinglingual na subtitle) sa YouTube ng Samahan/Grupo.

- Gabay sa Pagpasok sa High School
- Gabay sa Pagpasok sa Unibersidad
- Gabay sa Karera



# Suporta sa pagsasarili para sa mga nakatatanda

## Online Japanese Class

Isa itong Japanese class para sa mga taong matagal nang naninirahan sa Japan ngunit hindi nagkaroon ng pagkakataong matuto ng wikang hapon sa sistematikong paraan dahil sa pagiging abala sa trabaho. Para rin ito sa mga taong kararating lang ng Japan at hindi nakakaintindi ng wika at nahihirapan sa pang-araw araw na buhay, trabaho at pagpapalaki ng mga bata. Dahil sa ito ay Online, maaari kang makapag-aral ng naayon sa iyong pamumuhay.



## Class 2 Electrician Exam preparation course

Isa itong kurso ng pagkuha ng pambansang kwalipikasyon ng "Second Class Electrician" na kinakailangan kapag nakikibahagi sa industriya ng electrical construction. Ang ginagamit na nihonggo sa mga tanong sa pagsusulit ay gumagamit ng maraming mahihirap na salita at teknikal na termino na hindi ginagamit sa pang araw-araw na pag-uusap. Layunin ng kursong ito ang maipasa ang written test sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng isasagot sa mga tanong dito gamit ang magaang na hapon (yasashii nihonggo).



Mula sa mga bagong dating hanggang sa mga naka 20 taon nang higit na nakatira sa Japan, nagbibigay kami ng "Agad na kapaki-pakinabang" na suporta para sa pag-aaral at pagpapabuti ng mga kasanayan upang makapamuhay ng matatag sa Japan.

## Japanese Web Course

Kurso ito sa pamamagitan ng panonood ng video para sa mga nag-aaral ng Japanese sa unang pagkakataon. Para sa naninirahan na sa Japan at sa mga papunta pa lang ng Japan. Hindi lang pagpapaliwanag sa wikang-hapon, kundi pati na rin sa kultura at lipunan ng Japan. Bilang karagdagan sa mga materyales sa pagtuturo ng video, maraming mga drills na materyales sa pagtuturo ang inihanda.



## Mga komentong video sa Pensiyon at Seguro/Long-term care Insurance · Commentary video gaya ng long-term care insurance

Ipinapaliwanag ng videong ito ang tungkol sa pension, long-term care insurance, sistemang suporta sa mga matatanda atbp. sa mga aging Brazilian community sa Japan. Batay sa manual na ginawa ng Consulate General ng Brazil sa Tokyo, ginawa ito sa wikang Portuges bilang subsidized na proyekto ng lungsod ng Yokohama. Mapapanood ito sa YouTube channel ng ABC Japan.



# Pagbuo ng Community

Ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ay walang gaanong pagkakataong makipag-ugnayan sa mga Hapones. Kaya naman gumagawa kami ng pagkakataon para makilahok ang mga tao upang maalís sa kanilang isipan ang napagkakamalang kawalang interes at mga hindi pagkakaunawaan na dulot ng hindi nakakapanayam.



## Seminar • Pagsasanay

Sa pagtanggap ng kahilingan ng Ministry of Foreign Affairs, JICA at Asosasyon ng Nikkei at Japanese sa abroad, ipinakilala namin ang mga aktibidad ng ABC Japan sa mga pinuno ng mga komunidad ng Nikkei sa ibang bansa at mga boluntaryo na papunta pa lang sa ibang bansa. Ang mga isyu na karaniwan naming nakikita at naramdaman ay pinag-uusapan dito.



## Pagsali sa Ebento

Mayroon kaming mga booth sa mga ebento sa lokal. Sa pamamagitan ng paghahatid ng masasarap na pagkaing Brazil at pagpapakita ng aming aktibidad, nais naming ipaalam sa mga tao ang mga aktibidad ng ABC Japan upang mas maging pamilyar sila sa kultura ng Brazil.



## Silid-aralan ng wikang banyaga

Nag-aalok kami ng mga klase ng wika na ang magtuturo ay ang mga naturang katutubo. Maaari mamili mula sa isang kurso na nababagay sa iyong antas at layunin. Mula sa mga beginners, advanced level, hanggang para sa pagnenegosyo. Matututunan hindi lamang ang wika, kundi pati na rin ang kultura at at kaugalian.



## Workshop [Lumagay sa katayuan ng isang Dayuhan]

[Nahihirapan sa pamumuhay dahil hindi maintindihan ang wikang-hapon] Upang mauunawaan ang damdamin ng mga dayuhan, lumikha kami ng participatory workshop para maranasan ang isang mundo kung saan ang wikang hapon ay hindi maintindihan. Ang mga dayuhang estudyante na may ganitong karanasan ay sumali bilang kawani. Ginaganap ito sa mga ebento sa High school, at unibersidad.




# Suporta sa Puso

Mula ng maitatag ang organisasyon, patuloy ang ang aming serbisyo sa konsultasyon at napagtanto na ang akumulasyon ng maliliit na alalahanin ay nakakaapekto sa kalusugan ng isip at puso, kaya nagsimula kaming magbigay ng suporta mula sa mga eksperto sa sariling wika.


## Counseling sa Isip at Katawan

Ang mga kwalipikadong eksperto ay nag-aalok ng mga indibidwal na konsultasyon sa mental at pisikal na kalusugan. Nagbibigay kami ng suporta para sa mga dayuhang residente na may posibilidad na ihiwalay dahil walang lugar na malapit na pagkonsultahan tungkol sa kanilang problemang-pampamilya, pagpapalaki ng bata, sakit at iba pang alalahanin. Maraming natanggap na Konsultasyon mula sa buong bansa sa pamamagitan ng telepono at Online.



## Seminar sa Sikolohiya

Nagdaraos kami ng seminar para sa sikolohikal na suporta, tema ng "Developmental Disorder sa mga batang may dayuhang background at kanilang suporta", pati na rin ang seminar sa mga interpreter ng pagpapayo.





# Pagpasa ng baton sa susunod na henerasyon

Nagbibigay kami ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral sa high school at mga bata sa kanilang huling kabataan upang palakasin ang kanilang mga kasanayan sa wikang hapon at piliin ng sarili ang papuntahang karera at makipag-ugnayan sa mga nakatatanda na magiging role model nila at maaaring magsilbing huwaran.



## Silid-aralan para sa mga batang konektado sa dayuhan sa pag-aaral ng wika at kultura

Ang mga batang ipinanganak at lumaki sa Japan na konektado sa mga dayuhang bansa ay kadalasang may negatibong pananaw sa kanilang pinagmulan. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika at kultura, magkakaroon ng tiwala sa sarili at magkakaroon ng pagkakataong makilala ang mga kaparehong henerasyon na may katulad ng pinagdadaanan(background).



## Online Japanese class para sa paghahanda ng JLPT

Ito ay isang Japanese class para sa mga mag-aaral at mga nakapagtapos na, na Brazilian na kakaunti ang pagkakataong gumamit ng wikang hapon at mga Kabataang nagtatrabaho sa hindi regular na trabaho. Para sa pag-unlad ng karera, layunin naming makapasa sila sa Japanese Language Proficiency Test(JLPT). At dahil sa Online ito, maaari kang sumali saan ka man naroroon.



## Mga gamit sa pag-aaral ng Japanese komposisyon para sa mga batang konektado sa ibang bansa.

Sa mga kabataang may koneksyon sa banyagang bansa, ang pagsulat ng mga pangungusap sa wikang Hapon ay napakalaking-hirap. Samakatuwid, gumawa kami ng mga materyales sa pagsusulat na makakatulong sa mga bata at mag-eejoy habang mapapabuti ang kanilang kakayahan na ipahayag ang sarili at kanilang mga damdamin.



# + α (Plus Alpha)

Kung sa palagay mo ay kinakailangan mo ito, magsimula kaagad sa ABC Japan. Kapag may namumroblema, hindi namin kayang tiisin na hindi tulungan. Gumagawa pa kami ng mga bagay na hindi kasya sa aming nasasakupang listahan.

## Suporta sa ibang bansa

- Suportang pagsulong ng Career sa Brazil: Bilang proyektong pagtutulungang pang-teknikal sa JICA, nakikipagtulungan kami sa Villacajon Okinawa Kenjinkai sa Brazil upang magbigay ng mga Klase sa wikang-Hapon at mga kurso sa etiketa (manner) para sa mga kompanyang Hapones sa Brazil at para sa mga naglalayong magtrabaho sa Japan.
- Pagtanggap ng Seminar ng komunidad ng Nikkei: Mula nang 2021, ang JICA ay tumanggap ng mga nagsasanay bilang bahagi ng isang proyekto ng JICA, na may pag-asa, na ang Brazilian Nikkei ay may ika-4 at ika-5 na henerasyon. At sila ay makakakuha ng Sistemang Japan sa Edukasyon, Kultura atbp.



## Tulong pag may Kalamidad

Mula nang sumapit ang malakas na lindol sa silangan ng Japan ng taong 2011, sinimulan na ang pagsuporta sa mga lugar ng sakuna. Mula noon kami ay nangolekta at nagpadala ng mga relief supply at nagboluntaryo para sa mga gawain. noong taong 2013, bagyo sa Pilipinas, 2015 lindol sa Nepal, ang baha sa Kinugawa at ang lindol sa Kumamoto noong 2016.



## Pantry ng Pagkain

Naghatid kami ng mga groceries sa mga dayuhang pamilya na nahihirapan sa pananalapi dahil sa epekto ng pagbaba ng kita dahil sa epidemya ng bagong coronavirus. Dahilan sa aming pakikipagtulungan sa mga embahada at konsulado at sa pagiging itinampok sa ilang media outlet, nakatanggap kami ng mga pangdonasyon na pagkain mula sa maraming tao at kumpanya at naipadala ito sa maraming Kabahayan. Patuloy kaming magbibigay ng tulong sa pagkain kung kinakailangan.



## Silid-Aklatan

Ang ABC Japan ay gumawa ng iba-ibang klase ng mga booklet at inilathala ito kabilang ang mga guidebooks/Gabay sa pagpasok sa paaralan, mas mataas na edukasyon at mga karera. Gayundin sa paggawa ng mga materyales sa pagsusulat at wika. Maaaring idownload ang mga booklet ng libre/walang bayad.



## Lugar

### NPO ABC JAPAN

〒230-0051 302 La-Campana Kisoya, 4-7-15 Tsurumi Chuo,  
Tsurumi-ku, Yokohama-shi, Kanagawa-ken

TEL 045-550-3455


E-mail [honbu@abcjapan.org](mailto:honbu@abcjapan.org)

URL <https://www.abcjapan.org/>

※Makipag-ugnayan sa pamamagitan ng Telepono, E-mail o Bumisita.

Access:

JR Tsurumi sta. 5min. lakarin  
Keikyu Tsurumi Sta. 3min. lakarin



## Impormasyon ng Donasyon

Ang ABC Japan ay sumusuporta sa mga dayuhang mamamayan na naninirahan sa Japan sa loob ng mahigit 20 taon. Hinihiling namin ang inyong kooperasyon at suporta sa aming aktibidad at mga proyekto upang sama-sama tayong bumuo ng mas maganda at matiwasay na mundo.

ぎんこうめいよこはまぎんこう  
銀行名：横浜銀行  
しつてんめいつるみしてん  
支店名：鶴見支店  
こうざしゅるいふつう  
口座種類：普通  
こうざばんごう1830448  
口座番号：1830448  
こうざめいぎとくていひえいりかつどうほうじん  
口座名義：特定非営利活動法人ABC ジャパン



# ガイドブックのガイド Guidebook Guide




Portugués

Español

English

中文

Tagalog



 Free download

かながわボランティア活動推進基金 21 協働事業負担金事業

# たげんご 多言語による仕事選びガイドブック

日本語・Português・Español・English・中文・Tagalog

## 日本語

このガイドブックでは、それぞれの職業しよくぎょうについて「どのような仕事しごとなのか」「どんな人が向むいているのか」「どうやったらなれるのか」の3つをまとめました。他にも先輩せんぱいの体験談たいけんだんや在留資格ざいりゅうしかくのことも載のせてあります。もちろん、このガイドブックにある仕事しごとがすべてではありませんし、働くはたらことがすべてでもありません。でも、目標もくひょうをもつことは人生じんせいを楽しくたのしくしてくれると思おもいます。



## Português

O material aborda diversas ocupações e explica como é o trabalho, tipo de pessoa que combina com a profissão e requisitos. Inclui ainda depoimentos de quem já exerce a profissão e informações sobre vistos. Obviamente aqui não estão todas as profissões existentes, porém ao ter um objetivo, a vida se tornará mais interessante.



## Español

El manual explica sobre varios trabajos en tres aspectos; "Qué actividades laborales son", "Para quién es" y "Cómo conseguirlo". Así mismo, les haremos llegar las voces de los exalumnos y la información sobre el estatus de residencia. Hay que decir que existen muchos trabajos más que los que hemos mencionado en la guía, también la vida laboral no es todo. Sin embargo, creemos que podemos disfrutar la vida más teniendo nuestros objetivos.



## English

This guidebook features 3 factors of each job: job content, a suitable person for the job, and how to get the job. The story about seniors' experience and the information about residential status are also in this guidebook. Of course, there are many jobs that are not covered in this guidebook, and working is not everything about your life. However, your life can be more joyful and meaningful by having a goal.



み える？ 選 べる？  
しょうらい しごと  
将来の仕事 MAP



中文

在本指南里，我们对有关“职业类型的选择”“职业适应人群”以及“如何适应职业角色”这三项进行了总结。除此之外，还记载了先辈们的经验之谈和有关在留资格的种种事项。诚然，这本指南并没有办法涵盖所有职业种类，工作本身也不意味着一切。然而，我们认为和相信拥有目标本身就会为人生带来快乐。



Tagalog

Tinalakay sa guidebook na ito ang 3 bagay tungkol sa bawat propesyon: "anong klaseng trabaho ito", "kanino ito nababagay", at "kung paano ito makakamit". Bukod dito, nakasaad din ang mga karanasan ng nakatatandang mag-aaral at impormasyon sa estado ng paninirahan o visa. Siyempre ang mga trabaho na nakasulat sa guidebook na ito maging ang pagtatrabaho ay hindi lahat sa buhay. Subalit ang pagkakaroon ng layunin ay nakakapagpasaya ng buhay.



たげんご

# 多言語による大学進学ガイドブック

日本語・Português・Español・English・中文・Tagalog

日本語

この本は、高校生のみなさんとその保護者の方たちが高校卒業後に進学を目指すときに、これだけは知っておいてほしいこと、そして受験のためのさまざまな情報を伝えるために作られました。



Português

Este guia foi feito para transmitir o que os estudantes do Ensino Médio e os pais/responsáveis precisam saber quando pretendem prosseguir nos estudos após concluírem o Ensino Médio, com uma variedade de informações sobre o exame de admissão na universidade.



Español

Esta guía está dirigida a los estudiantes de la secundaria superior y a sus padres con el fin de proporcionarles información sobre conocimientos básicos y necesarios para la educación superior.



English

This book was written to provide high school students and their parents with what they must know and a variety of information on how to prepare for entrance exams when aiming to go on to higher education after high school.



# だいがくしんがく 大学進学ガイドブック



## 中文

本指南专为以升学为目标的高中生及其家长所作，记载了升学必须掌握的信息，以及相关的各类介绍。



## Tagalog

Ang aklat na ito ay magsisilbing gabay sa mga estudyante ng High School at ng kanilang mga magulang para sa alituntunin at iba't ibang impormasyon na dapat nilang malaman ayon sa preparasyon para sa entrance exam, kung layunin ng mga anak na makapasok sa mas mataas na edukasyon pagkatapos ng highschool.





たげんご

# 多言語による高校進学ガイドブック

日本語・Português・Español・English・中文・Tagalog

日本語

この本は、進学しんがくしたいけれど試験しけんやお金かねのことなどの制度せいどがわからないという人ひとやお金かねがかかるから高校進学こうこうしんがくはできないとあきらめそうになっている人のために、高校の種類しゅるいや試験しけん、お金のことなどを説明せつめいしたものです。みなさんが自分自身じぶんじしんで進路しんろを切り開いていくための役やくに立てたらとても嬉しいです。



Português

Este Guia contém explicações sobre tipos de colégios, exames de seleção e despesa escolar para as pessoas que queiram prosseguir os estudos, mas não sabem sobre sistema de exame de seleção ou dinheiro, ou está quase desistindo o ingresso no colégio devido à dificuldade financeira. Ficarei muito contente se servir de ajuda para aqueles que queiram abrir seu próprio caminho a seguir futuramente.



Español

Esta Guía contiene informaciones sobre los tipos de Secundaria Superior y su financiamiento para quienes desean estudiar pero que por falta de recursos e información están por desistir del ingreso a la Secundaria Superior. Será de mucha alegría si esta Guía sirviera de ayuda para abrir la senda hacia el futuro de cada uno de los que la están leyendo.



English

This book explains the types, entrance exams, and cost of high school, etc. to people who want to go on to high school but don't know about the system about the entrance exam and money, and who are almost giving up going on to high school due to the high cost. We are more than happy if this book helps you go forward to your future path on your own.



がいこく  
外国につながる子どもと保護者のための  
こうこうしんがく  
高校進学ガイドブック



中文

本指南致力于那些想升高中却不了解中考体系和收费制度的人，或因高费用正考虑放弃读高中的人。介绍高中的种类，考试及学费的相关事项。如果能为诸位在自己的道路上指点迷津，我们将不胜喜悦。



Tagalog

Ipapaliwanag ng guidebook na ito ang mga uri, entrance exam at gastos ng high school para sa mga taong nais na magpatuloy sa high school ngunit hindi alam ang sistema tungkol sa entrance exam at gastos, at sa mga halos susuko na sa pagpasok sa high school dahil sa mahal na gastusin. Ikagagalak namin kung ang guidebook na ito ay makakatulong sa inyong pagpapatuloy na pagtahak sa landas sa hinaharap.



# たげんご 多言語による中学校ガイドブック

日本語・Português・Español・English・中文・Tagalog

## 日本語

このガイドブックでは、初めて日本の中学校に入る子どもと保護者のために、日本の教育システムや勉強の内容、行事などについて、わかりやすく説明しました。もしわからないことがあったら、何でも先生に聞いてみてください。



## Português

Neste guia explicamos de forma simples para as crianças que vão ingressar no Ensino Fundamental II (CHUGAKKO) e aos pais e responsáveis, sobre o sistema de ensino japonês, conteúdos de estudo e eventos escolares. Quando tiver dúvidas, pergunte ao professor.



## Español

Hemos preparado esta Guía para los niños y niñas que van a ingresar por primera vez a la escuela japonesa y para sus tutores una explicación fácil de entender sobre el sistema educativo japonés, los contenidos de estudios y las actividades escolares. Si hubiera algún aspecto que no comprendiera, pregunte al/la profesor/a con confianza.



## English

This guide clearly explains the Japanese educational system, study contents, school events, etc. for students who will enter Japanese junior high schools for the first time and their parents. If you have any questions, please ask your teacher anything.



# ようこそ ちゅうがっこう かながわの中学校へ



## 中文

本指南是为那些刚刚进入中学的外国籍学生和他们的家长，用易懂的方式介绍日本的教育体系，学习内容及学校的活动安排。如有任何问题，请随时向老师咨询。



## Tagalog

Sa Patnubay na ito ay malinaw na ipapaliwanag ang sistema ng Edukasyon sa Japan, mga nilalaman ng aralin at mga kaganapan ng mga estudyanteng papasok ng Junior high school sa unang pagkakataon at ng kanilang magulang. Kung may anumang katanungan, huwag mag atubiling magtanong sa inyong guro.



たげんご

# 多言語による小学校ガイドブック

日本語・Português・Español・English・中文・Tagalog

日本語

このガイドブックでは、初めて日本の小学校に入る子どもと保護者のために、日本の教育システムや勉強の内容、行事などについて、わかりやすく説明しました。もしわからないことがあったら、何でも先生に聞いてみてください。



Português

Neste guia contém explicação para as crianças que vão ingressar no Ensino Fundamental I e aos pais e responsáveis, sobre o sistema de ensino japonês, conteúdos de estudo e eventos escolares. Quando tiver dúvidas, pergunte aos professores.



Español

Hemos preparado esta Guía para los niños y niñas que van a ingresar por primera vez a la escuela japonesa y para sus tutores una explicación fácil de entender sobre el sistema educativo japonés, los contenidos de estudios y las actividades escolares. Si hubiera algún aspecto que no comprendiera, pregunte al/la profesor/a con confianza.



English

This guide clearly explains the Japanese educational system, study contents, school events, etc. for students who will enter Japanese elementary schools for the first time and their parents. If you have any questions, please ask your teacher anything.



# ようこそ しょうがっこう かながわの小学校へ



## 中文

本指南是为那些刚刚进入小学的外国籍小朋友和他们的家长，用易懂的方式介绍日本的教育体系，学习内容及学校的活动安排。如有任何问题，请随时向老师咨询。



## Tagalog

Ang patnubay na ito ay malinaw na ipinapa liwanag ang Sistema ng Edukasyon sa Japan, nilalaman ng aralin at mga kaganapan sa paaralan atbp. para sa mga mag-aaral na papasok sa Elementarya ng Japan sa unang pagkakataon at sa kanilang mga magulang. Huwag mag-atubiling magtanong sa inyong guro kung mayroon kayong mga katanungan.

